# Makilahok sa Distrito, Asosasyon ng mga Residente

～Mahalaga para sa mga residente na suportahan ang bawat isa para sa mas mahusay na pag-unlad ng komunidad～



## Ginagawa namin ang lokal na aktibidad sa Distrito, Asosasyon ng mga Residente

### ◎ Mga Aktibidad sa pag-iwas sa kalamidad, Mga aktibidad sa pag-iwas ng krimen

・Bilang paghahanda sa kalamidad, nagsasagawa kami ng mga pagsasanay sa pag-iwas sa kalamidad at pagpapanatili at pamamahala ng mga stockpile items.

・Naglalayong walang krimen sa bayan, pagkakabit ng ilaw para sa seguridad at pamamahala, pagpa-patrol para sa seguridad.

**Kapag kayo ay hindi miyembro sa Distrito, Asosasyon ng mga Residente**

Kung sakali may dumating na bagay na "hindi inaasahan", ay mahirapan kang tumulong kapag hindi mo kilala ang iyong kapitbahay. Mahalaga ang koneksyon sa pagitan ng mga lokal na tao.



### ◎ Mga aktibidad para sa pagpapaganda ng kapaligiran

・Pamamahala sa pagpapanatili ng istasyon ng basura, aktibidad sa paglilinis ng kalye at parke na sakop ng distrito.

**Kapag kayo ay hindi miyembro sa Distrito, Asosasyon ng mga Residente**

Sa "istasyon ng basura" ay hindi maaaring gamitin ng mga residente na walang prinsipyo, kaya hindi maaaring magtapon ng basura.




### ◎ Pakikipagkaibigan at mga aktibidad sa pagsuporta

• Upang mapalalim ang pakikipag-ugnay at pakikipagpalitan sa kapwa residente, nagtataglay kami ng Asosasyon ng mga bata at pagdiriwang ng pista.

• Simula bata hanggang matanda, lahat ng tao sa lugar ay nagmamasid, at sinusuportahan ang bawat isa.

**Kapag kayo ay hindi miyembro sa Distrito, Asosasyon ng mga Residente**

Hindi kayo makakatanggap ng abiso sa mga kaganapan ng distrito, tulad ng "Asosasyon ng mga bata, Pagdiriwang ng Pista."



### ◎ Bilang karagdagan, nagsasagawa din kami ng iba't-ibang lokal na aktibidad






Halimbawa….

• Nagbibigay kami ng impormasyon na kapaki-pakinabang sa pang-araw-araw na pamumuhay at impomasyon na may kaugnayan sa komunidad, at ito ay inilathala sa pamamagitan ng circular notice.

## Distrito, Asosasyon ng mga Residente Tanong at Sagot

**Q1. Ano ang ibig-sabihin ng Distrito, Asosasyon ng mga Residente?**

A1. Ang Distrito, Asosasyon ng mga Residente ay, organisasyong nagmula sa lokal na mga residente na kusang-loob na pinamamahalaang organisasyon. Sa lungsod ng Suwa, ay mayroong 90 ka Distrito, Asosasyon ng mga Residente. Para sa mapayapang pamumuhay at pagpapaunlad ng bayan, inanyayahan namin kayo na lumahok.

**Q2. Ano ang babayaran sa Distrito? Paano ginagamit ang mga bayad sa Distrito?**

A2. Ang bayad sa Distrito na pera na kinokolekta ay para sa pangangasiwa ng Distrito, Asosasyon ng mga Residente. Ang halagang ibinayad at kung paano ito ginagamit, ay pagpapasiyahan ng mga lokal na residente.
Sa pangkalahatan, ginagamit ito para sa iba't-ibang lokal na aktibidad, katulad ng gastos sa pagpapanatili at pamamahala ng kuryente sa mga ilaw para sa pag-iwas ng krimen, pagbili ng mga stock na pang-emerhensiya, pagpapanatili at pamamahala ng lugar sa pagpupulong (Pampublikong bulwagan), at pagpapalitan ng mga kaganapan sa pagitan ng mga residente. Ginagamit din ito sa mga iba't-ibang lokal na aktibidad.

**Q3. Hindi ba ang Munisipyo ang gumagawa ng paraan para sa mga lokal na bagay, dahil nagbabayad naman kami ng buwis?**

A3. Sa lungsod ng Suwa, ang Distrito, Asosasyon ng mga Residente at ang pamahalaan ay nagbabahagi ng mga tungkulin sa bawat isa, at nagtutulungan upang maisulong ang kaunlaran ng komunidad.
Distrito, Asosasyon ng mga Residente at lokal na pamahalaan, na nakakaalam ng lugar, ay nagtutulungan upang malutas ang mga lokal na isyu tulad ng ipinapakita sa kaliwa.

## Pamamaraan sa paglahok sa Distrito, Asosasyon ng mga Residente

Mangyaring makipag-ugnay sa inyong lugar sa opisyal ng Asosasyon ng mga Residente, kung hindi kilala ang opisyal, mangyaring makipag-ugnay sa Munisipyo

**Impormasyon sa pakipag-ugnay sa Suwa Munisipyo** （TEL：0266-52-4141）

| ＜Nilalaman＞ | ＜Kagawaran na namamahala＞ | ＜Makipag-ugnay＞ |
|---|---|---|
| ・**Tungkol sa mga bagay sa Pag-iwas ng Kalamidad** | Kiki Kanrishitsu | (Lokal 258) |
| ・**Tungkol sa mga bagay ng Asosasyon ng mga Bata (Asosasyon sa pagpapalaki ng mga bata)** | Kyouiku Soumu-ka | (Lokal 465) |
| ・**Tungkol sa mga bagay sa Pagkoleksyon ng Basura** | Kankyou-ka | (Lokal 211) |
| ・**Tungkol sa mga bagay na ipinamamahagi mula sa Pampublikong impormasyon sa lungsod ng Suwa** | Hisho Kouhou-ka | (Lokal 325) |
| ・**Tungkol sa mga bagay ng Distrito, Asosasyon ng mga Residente** | Chiiki Senryaku, Danjo Kyoudou Sankaku-ka | (Lokal 284、288) |